United States Department of Agriculture

Ang mga bago at nagsisimulang magsasaka at rantsero ay magkakaiba halintulad sa agrikulturang Amerikano. Ang mga bagong magsasaka ay nagpapalaki ng mga tradisyunal na pananim at makabagong lahi o binhi o “innovative variety”, organikong bunga at mga produktong pamana. Sila ay kabilang sa mga nakahilirang-pananim na sakahan o “row-crop farms”—gumagamit ng makabagong teknolohiya at kagamitan—at mga programang agrikultura na may suporta ng komunidad o “community-supported agriculture programs”. Sila ay nagpapalaki ng karneng baka, karneng baboy, kawan ng bakang gatasan, manukan, at isda sa lahat ng sukat ng pagawaan.

Ang pagkakaiba, antas ng kompromiso ng kabataan, at mga uri ng agrikulturang U.S. ay tumataas sa pangkalahatan, at ang pagpapalaki ng susunod na henerasyon ng agrikultura ay hindi kailanman naging mas masigla o mas higit na kailangan kaysa ngayon. Dito sa USDA, kami ay gumagawa ng buong sikap para masiguro na kami ay handang harapin ang mga pagkakataon at pagsubok sa hinaharap.

Para sa karagdagang tulong at gabay, Sentrong Pang-Serbisyo ng USDA o “USDA Service Centers” ay matatagpuan sa buong bansa, sa lahat ng dako ng mga komunidad na kanilang sineserbisyo. Ang mga sentrong ito ay nagbibigay ng ilan sa pinakamahalagang serbisyong iniaalok ng USDA sa mga suki nito. Maaari rin nila kayong i-konekta sa mga mapagkukunang lokal at mga samahang tutulong sa iyo sa pagkamit ng iyong mga adhika.

***Tala**: Maaring hindi lahat ng serbisyo ay maialok ng mga ilang Sentrong Pang-Serbisyo o “Service Center”. Kung may katanungan, tawagan muna ang sentro bago ito puntahan.*